# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 18

"6 Mapapalad ang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran: sapagka't sila'y bubusugin." (Mateo 6:6)

Magpapatuloy tayo sa mensaheng ito upang magaral paano mangagutom st mangauhaw sa katuwiran mula sa pagaaral ng buhay ng matuwid na tao na si Cornelio.

"1At may isang lalake nga sa Cesarea, na nagngangalang Cornelio, senturion ng pulutong na tinatawag na pulutong Italiano. 2 Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Dios siya at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios. 3 Nakita niyang maliwanag, sa isang pangitain, nang may oras na ikasiyam ng araw, na pumapasok na patungo sa kaniya ang isang anghel ng Dios, at nagsasabi sa kaniya, Cornelio. 4At siya, sa pagtitig niya sa kaniya, at sa pagkatakot niya, ay nagsabi, Ano ito, Panginoon? At sinabi niya sa kaniya, Ang mga panalangin mo at ang iyong mga paglilimos ay nangapailanglang na isang alaala sa harapan ng Dios. 5At ngayo'y magsugo ka ng mga tao sa Joppe, at ipagsama mo yaong Simon, na may pamagat na Pedro; 6 Siya'y nanunuluyan sa isa na Simong mangluluto ng balat, na ang kaniyang bahay ay nasa tabi ng dagat.7 At nang umalis ang anghel na sa kaniya'y nagsalita, ay tumawag siya ng dalawa sa kaniyang mga alila, at ng isang kawal na masipag sa kabanalan sa mga nagsisipaglingkod sa kaniyang parati; 8At nang maisaysay na sa kanila ang lahat ng mga bagay, sila'y sinugo niya sa Joppe.9 Nang kinabukasan nga samantalang sila'y patuloy sa kanilang paglalakad, at nang malapit na sa bayan, si Pedro ay umakyat sa ibabaw ng bahay upang manalangin, nang may oras na ikaanim; 10At siya'y nagutom at nagnais kumain: datapuwa't samantalang nangaghahanda sila, ay nawalan siya ng diwa; 11At nakita niyang bukas ang langit, at may isang sisidlang bumababa, gaya ng isang malapad na kumot, na nakabitin sa apat na panulok na bumababa sa lupa: 12Na doo'y naroroon ang lahat ng uri ng mga hayop na may apat na paa at ang mga nagsisigapang sa lupa at ang mga ibon sa langit. 13At dumating sa kaniya ang isang tinig, Magtindig ka, Pedro; magpatay ka at kumain. 14Datapuwa't sinabi ni Pedro, Hindi maaari, Panginoon; sapagka't kailan ma'y hindi ako kumain ng anomang bagay na marumi at karumaldumal. 15At muling dumating sa kaniya ang tinig sa ikalawa, Ang nilinis ng Dios, ay huwag mong ipalagay na marumi. 16 At ito'y nangyaring makaitlo: at pagdaka'y binatak sa langit ang sisidlan.17 Samantalang natitilihang totoo si Pedro sa kaniyang sarili, kung ano ang kahulugan ng pangitaing kaniyang nakita, narito, ang mga taong sinugo ni Cornelio, nang maipagtanong ang bahay ni Simon, ay nangagsitayo sa harapan ng pintuan. 18At nanga sitawag at nangagtanong kung si Simon, na pinamagatang Pedro, ay nanunuluyan doon. 19At samantalang iniisip ni Pedro ang tungkol sa pangitain, ay sinabi sa kaniya ng Espiritu, Narito, hinahanap ka ng tatlong tao. 20Datapuwa't magtindig ka, at manaog ka, at sumama ka sa kanila, na huwag kang magalinlangan ng anoman: sapagka't sila'y aking sinugo. 21At pinanaog ni Pedro ang mga tao, at sinabi, Narito, ako ang hinahanap ninyo: ano baga ang dahil ng inyong ipinarito? 22At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong matuwid at matatakutin sa Dios, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Judio, ay pinagpaunawaan ng Dios sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo ng mga salita. 23Kaya't sila'y pinapasok at pinatuloy sila. At nang kinabukasa'y nagbangon siya at umalis na kasama nila, at siya'y sinamahan ng ilang kapatid na mula sa Joppe. 24At nang kinabukasa'y nagsipasok sila sa Cesarea. At sila'y hinihintay ni Cornelio, na tinipon nito ang kaniyang kamaganakan at ang kaniyang mga kaibigang minamahal. 25At nangyari, na pagpasok ni Pedro, ay sinalubong siya ni Cornelio, at nagpatirapa sa kaniyang paanan, at siya'y sinamba. 26Datapuwa't itinindig siya ni Pedro, na sinasabi, Magtindig ka; ako man ay tao rin. 27At sa pakikipagsalitaan niya sa kaniya, ay pumasok siya, at kaniyang naratnan ang maraming nangagkakatipon: 28At sinabi niya sa kanila, Nalalaman ninyo na hindi matuwid sa isang taong Judio na makisama lumapit sa isang taga ibang bansa; at gayon ma'y ipinakilala sa akin ng Dios, na sinomang tao'y huwag kong tawaging marumi o karumaldumal: 29 Dahil din dito'y naparito akong hindi tumutol ng anoman, nang ako'y ipasundo. Itinatanong ko nga kung sa anong kadahilanan ipinasundo ninyo ako.30 At sinabi ni Cornelio, May apat nang araw, hanggang sa oras na ito, na aking ginaganap ang pananalangin sa oras na ikasiyam sa bahay ko; at narito, tumindig sa harapan ko ang isang lalake na may pananamit na nagniningning, 31At sinabi, Cornelio, dininig ang dalangin mo, at ang iyong mga paglilimos ay inaalaala sa paningin ng Dios. 32Magsugo ka nga sa Joppe, at ipatawag mo si Simon, na pinamagatang Pedro; siya'y nanunuluyan sa bahay ni Simong 33 Pagdaka nga'y nagsugo ako sa iyo; at mabuti ang ginawa mo't naparito ka. Ngayon nga'y kaming lahat ay nangaririto sa paningin ng Dios, upang dinggin ang lahat ng mga bagay na sa iyo'y ipinagutos ng Panginoon." (Mga Gawa 10:1-33)

Sa bersekulo 22 ang mga sundalo na siyang tumawag at pumunta kay Pedro ay sinabi ang tungkol Kay Cornelio, "22 At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong matuwid at matatakutin sa Dios, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Judio, ay pinagpaunawaan ng Dios sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo ng mga salita.(Mga Gawa 10:22) Sinabi nila na si Cornelio ay matuwid na tao. Ang Griyego na salita na ginamit sa "matuwid" ay "Dikaios" at ibig sabihin ay "matuwid na tao na isinasagawa ang dakila na batas" Si Cornelio ay hentil at hindi mananampalataya ni Kristo, hindi niya nakikilala pa si Kristo ngunit isinasagawa na niya ang dakilang batas. Ang tanong paano na ang dakilang batas ay naihayag sa kanya? Sinabi ni Pablo sa mga taga Roma, "14(Sapagka't kung ang mga Gentil na walang kautusan sa katutubo, ay nagsisigawa ng mga bagay ng kautusan, ang mga ito, na walang kautusan, ay siyang kautusan sa kanilang sarili; 15 Na nangagtatanyag ng gawa ng kautusang nasusulat sa kanilang puso, na pinatotohanan ito pati ng kanilang budhi, at ang kanilang mga pagiisip ay nangagsusumbungan o nangagdadahilanan sa isa't isa); 16Sa araw na hahatulan ng Dios ang mga lihim ng mga tao, ayon sa aking evangelio, sa pamamagitan ni Jesucristo." (Taga Roma 2:14-16) Ang Kasulatan dito ay nagpaliwanag kung paano nila sinusunod ang dakilang batas na siyang batas ng Diyos, at ang gawa ng bataa ng Diyos ay nakasulat sa kanilang puso at sa kanilang konsensya ay pinaniniwala nila, sinasaksihan nila sa kanilang isipan at kalooban na kailangan nila sumunod sa Salita ng Diyos at tagubilin na kanilang natatanggap mula sa Banal na Espiritu.

Si Cornelius ay sumusunod sa banal na batas ng Diyos na kung bakit nalaman mo na siya naniniwala sa isang Diyos at hindi sa dios diosan. Hindi immoral, hindi nangangalunya, hindi mangingikil, at hindi nanlalamang sa kapwa na tulad ng ibang mga hentil, at ginngawa ng kanilang mga sundalo.

Kaya naman ang matuwid na lalaki ay kailangang isagawa ang banal na batas, sinumang nakilala na si Kristo ay sumunod at isagawa ang Salita ng Diyos at mamuhay ayon sa doktrina ng Salita ng Diyos.

Ngunit sa mga hindi nakakilala kay Kristo at tungkol sa Kasulatan sila'y idinederikta sa batas ng Diyos at gawa ng batas ng Diyos na nakasulat sa kanila puso na natatanggap nila sa Banal na Espiritu. Kaya naman, sila'y gumagawa ng kusang loob na bagay na gusto ng Diyos na gawin nila.

Habang pinagaaralan natin ang Kasulatan, ang buhay ng ating Panginoong Jesu Kristo, at ang buhay ng matuwid na lalaki sa Bibliya, natututo tayo ng bagong bagay. Ano ang naipahayag mula sa Kasulatan ay makakatulong sa atin sa bandang huli na makakapagbago habang nais nating mangagutom at mangauhaw sa katuwiran.

Ngayon, ano ang mga bagay na ginawa ni Cornelio na naipakita na siya ay matuwid na tao? At ano ang mga bagay na ginawa ni Cornelio at matututunan natin at maisasagawa sa ating buhay upang mabuhay ng may matuwid na buhay na minimithi na makita ng Diyos sa atin?

1. Si Cornelius ay banal na tao. "2 Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin Dios siya at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios." (Mga Gawa 10:2) Ang Griyego na salita sa banal" is "Eusebes" at ang ibig sabihin nito ay 'makaDiyos o masunurin'. MakaDiyos ay banal at masunurin at may moralidad. Kaya si Cornelius ay taong naniniwala at sumusunod sa halaga ng moralidad at siya ay mayroon paguugali ( na ibig sabihin ay pagaari, ang katauhan na nagbibigay ng kabutihan sa iba, mabuting kalidad, mabuti pamumuno, mabuti halaga at mabuti pagpapahalaga) na sa huli naging daan sa mabuti gawa at pagbabahagi ng mabuting bagay sa buhay ng mga tao. Ang tao sino na matuwid sa kanyang buhay at paguugali ay masunuring tao, na siyang nagsasagawa ng mabuting trabaho para sa kanya na makamit ang mabuti paglilingkod sa mga taong nakapaligid sa kanya.

Upang mangagutom at mangauhaw, kailangan natin na italaga ang ating sarili na makabuo ng makaDiyos at pagkamasunurin na bagay, na kailangan natin makamit kung ano ang mabuti bilang pagtalaga ng Diyos at gusto Niya sa atin na gawin ang matuwid na bagay para sa iba.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, kailangan natin na italaga anh ating sarili upang makabuo ng makaDiyos at pagkamasunurin na bagay upang maibahagi ang kabutihan ng Diyos sa mga tao na sino nasa ilalim ng ating pangangalaga at sila na nakapaligid sa atin.

2. Si Cornelio ay tao na matatakutin sa Diyos. "Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Dios at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Diyos." (Mga Gawa 10:2) Si Cornelio ay taong may takot sa Diyos, na hindi gumagawa ng anuman ng walang permiso ng Diyos at pagsangayon. Kahit na siya ay sundalo, ang senturyon na siyang responsable sa higit 100 na sundalo at siya ang taong may takot sa Diyos. Habang tayo nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, kailangan natin pagsumikapan na mabuhay ng may takot sa Panginoon. Si Cornelio ay may kapangyarihan at mga sundalo sa ilalim ng kanyang kapangyarihan ngunit hindi niya ito ginamit upang saktan ang iba dahil siya ay taong may takot sa Diyos.

3. Si Cornelius ay taong may takot sa Diyos kasama ng buo niyang sambhayan. "2 Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Dios siya at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios." (Mga Gawa 10:2) pinalaki ni Cornelius ang kanyang sangbahayan (kanyang pamilya, at ang sinumang nakatira kasama niya sa isang bahay) Habang tayo nangagugutom at nangauuhaw aa katuwiran, kailangan natin pagsumikapan na sanayin ang ating pamilya at palakihin sila ng may takot sa Diyos. Hindi lamang ang ating pamilya kundi pati ang kasama natin sa loob ng ating pamamahay; sinumang kasama natin. Si Cornelio pagkatapos niya makita ng pangitain, nagpadala siya ng dalawa niyang alagad and isang sundalo na siya din ay banal at katulad ng pagiisip at pamamaraan ng buhay, "7 At nang umalis ang anghel na sa kaniya'y nagsalita, ay tumawag siya ng dalawa sa kaniyang mga alila, at ng isang kawal na masipag sa kabanalan sa mga nagsisipaglingkod sa kaniyang parati;" (Mga Gawa 10:7) Noong sila'y nakarating kay Pedro, sila'y naghayag ng mabuting ulat tungkol kay Cornelio kung paano siya ay matuwid na tao na may takot sa Diyos, at "22 At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong matuwid at matatakutin sa Dios, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Judio, ay pinagpaunawaan ng Dios sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo ng mga salita." (Mga Gawa 10:22) Kaya naman tayo ay tinawag na sanayin ang ating pamilya at ang sinumang kasama natin upang mamuhay ng matuwid na buhay na may takot sa Diyos. Sa aking mga Kapatid lahat tayo tinawag upang magbigay kalinga, upang magibigan at sanayin ang ating sangbahayan sa katuwiran ng Diyos.

4. Si Cornelio ay mapagbigay limos sa mga tao. "2 Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Dios at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios." (Mga Gawa 10:2) Sa pagiging matuwid na tao, Hindi kinalimutan ni Cornelio na gawin ang kanyang tungkulin tungo sa mga tao na nangangailangan sa kanilang materyal o pinansyal na tulong. Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, tinawag tayo upang tumulong sa sinumang nangangailangan ng pisikal at materyal na tulong.

Tinawag tayo upang magbigay ng marami ngunit kailangn natin malaman ang tunay na mahirap, hindi lamang tanggap ng tanggap ng materyal na tulong at pinansyal, ngunit ganon din ng tagubilin at patnubay mula sa Salita ng Diyos. Si Cornelio ay may ugnayan sa mga taong nangangailangan ng tulong, siya ay pagpapala sa mga tao na nangangailangan. Wala siya uganayan sa mga mayayamang tao,

ngunit mayroon siyang higit na kauganayan at kasalamuha ng mahirap na tao na hindi lamang niya tinutulungan kundi ginagabayan sila sa Diyos.

5. Si Cornelio ay namumuhay na laging nanalangin sa Diyos. "2 Isang taong masipag sa kabanalan at matatakutin sa Dios siya at ang buong sangbahayan at naglimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Dios." (Mga Gawa 10:2) Si Cornelio laging nanalangin sa Diyos. Siya ang taong madasalin sa lahat ng panahon dahil naniniwala siya na ang lahat ng kaniyang kailangan ay matutugunan at masisyahan ng Panginoon lamang. Ang matuwid na lalaki at sinumang nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran na mayroong buhay na madasalin na may pakikisama at pakikipagkaisa sa Diyos. Si Cornelio ay laging nanalangin sa kanyang bagay kasama ang kanyang pamilya at sinumang kasama ng bahagi ng kanyang sambahayan, " 30 At sinabi ni Cornelio, May apat nang araw, hanggang sa oras na ito, na aking ginaganap ang pananalangin sa oras na ikasiyam sa bahay ko; at narito, tumindig sa harapan ko ang isang lalake na may pananamit na nagniningning," (Mga Gawa 10:30) Maraming tao ay magaling sa pananalangin sa simbahan at sa pagaaral ng Bibliya at sa ating kaibigan, ngunit hindi nila nais na magkaroon ng palagiang pananalangin kasama ang kanilang pamilya at kanilang sangbahayan.

6. Si Cornelio ay namumuhay ng may pagaayuno. "30 At sinabi ni Cornelio, May apat nang araw, hanggang sa oras na ito, na aking ginaganap ang pananalangin sa oras na ikasiyam sa bahay ko; at narito, tumindig sa harapan ko ang isang lalake na may pananamit na nagniningning," (Mga Gawa 10:30) Ang matuwid na lalaki at tao na nangagutom at nanguhaw sa katuwiran ay nagagalak sa pagaayuno at hindi sa pagdiriwang. Tayo ang tinawag na panatilihin ang araw ng pagaayuno kung tayo ay ginagabyan ng Banal na Espiritu ng Diyos na magayuno para sa partikular na pakikibaka at isyu na kailangan natin ang Diyos, ang Banal na Espiritu na pununin tayo at mauna bago sa atin upang labanan ang kawaay at ipahayag sa atin at utusan tayo ano ang kailangan natin makamit at gawin.

Nagpatuloy ng pagaayuno si Cornelio hanggang sa ikatlo ng hapon, "30 na aking ginaganap ang pananalangin sa oras na ikasiyam sa bahay ko;" (Mga Gawa 10:30) Bago niya matapos ang kaniyang pagaayuno, nagsasagawa siya ng pananalangin sa kanyang bagay upang ilathala ang kanyang petesyon sa Panginoon at ibigay and kabuoan ng kanyang kahilingan at pagnanasa sa likod ng kanyang pagaayuno. And ikasiyam na oras ay ang oras ng gabi ng pasasakripisyo, ang oras ng si Jesus ay nasa krus na ibinigay ang Kanyang Espiritu at namatay at dalhin tayo sa Diyos pagkatapos pagbayaran ang parusa para sa ating mga kasalanan.

7. Si Cornelio ay mabuting patoto kabilang sa mga tao ng Diyos. "22 At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong matuwid at matatakutin sa Dios, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Judio, ay pinagpaunawaan ng Dios sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo ng mga salita." (Mga Gawa 10:22) Si Cornelio ay kilala kabilang sa mga tao ng Diyos na siya ay .matuwid na ta na natatakot sa Diyos at nabubuhay para sa Kanya ay nagsisilbi sa Kanya. Sa panahon ngayon, ang pagibig ng marami ay nanlalamig, ang tao ng Diyos ay nagsisimula ng ikompromiso, at sa ganitong kadahilanan, tayo na layon na mamuhay ng may katuwiran at gawin ang lahat na magagawa natin upang mangagutom at mangauhaw para sa katuwiran, kailangan itama sila at sawayin sila kailanman na kinakailangan.

Kaya naman, sa ganitong kadahilanan, tayo ay kakayanutanv ng iba ay magbibigay ng masama reputasyon dahil sa ating matatag at striktong pamamalakad. Ang Diyos ay makikita tayo sa pamamagitan nito, at ibibigay Niya ang fabor kailanman at saan man kinakailangan.

Sa panahon ngayon, kung makikita natin ang mga tao ay minamahal ng higit ang isang tao, kailangan natin magalinlangan sa taong iyon. Kung ang taong ito ay strikto at madisiplina sa mga tao, sila'y mamumuhi sa kanya.

Ganon din sa tamang panahon, ang demonyo, ang akusado ng mga kapatiran, ay aakusahan tayo at susubukin tayo maniwala na may masama tayo reputasyon, ngunit ang Panginoon ang ating tulong, ang Banal na Espiritu ay gagawa sa ating kalagitnaan at magsasalita upang tayo ay ipagtanggol. Ang kailangan natin gawin ay bumalik sa Kasulatan at ihalintulad ang ating sarili sa Salita ng Diyos at magtiwala sa Kanya habang tayo ay sumusunod sa Kanyang Salita.

8. Si Cornelio ay may kasiguruhan sa Panginoon. Ang Panginoon ay nag salita sa kanya ng malinaw, "4 At siya, sa pagtitig niya sa kaniya, at sa pagkatakot niya, ay nagsabi, Ano ito, Panginoon? At sinabi niya sa kaniya, Ang mga panalangin mo at ang iyong mga paglilimos ay nangapailanglang na isang alaala sa harapan ng Dios. " "31 At sinabi, Cornelio, dininig ang dalangin mo, at ang iyong mga paglilimos ay inaalaala sa paningin ng Dios." (Mga Gawa 10:4, 31) Sa pareho paraan bilang nangagutom at nangauhaw aa katuwiran, ang ating panalangin at gawaam ay naayon sa kalooban ng Diyos, at darating ang oras na ang Diyos na siyang didinig ng ating mga panalangin ay sasagutin sila, at Siya mismo ay darating upang tayo ay aliwin at siguraduhin sa atin ang Kanyang pagtanggap sa ikipinamumuhay natin at sa ating mga panalangin.

Nang nakarating si Pedro sa bahay ni Cornelio ipinahayag niya na si Cornelio ay matuwid na tao at tinanggap siya ng Panginoon. "34At binuka ni Pedro ang kaniyang bibig, at sinabi, Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao: 35Kundi sa bawa't bansa siya na may takot sa kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod sa kaniya." (Mga Gawa 10:33-35) ito ang panibagong pagaaliw na na natanggap ni Cornelio sa Pangnioon sa pamamagitan ni Apostol Pedro. Kailangan natin magtiyag sa pananalangin, pagaayuno, pagkamatuwid, pagbibigay tulong sa mahihirap, pamumuhay ng may takot sa Diyos, at sanayin ang ating pamilya at sangbahayan na maging katulad ng estilo ng buhay, at siguraduhin natin na isang araw ang Panginoon ay bibisita sa atin at patotohanan sa atin ang katotohanan na nilalakaran natin.

Ang katiyakan ng Panginoon ay hindi katulad ng katiyakan na natatanggap natin mula sa mundo. Ang Diyos sa tamang panahon ay nanatiling tahimik sa mahabang panahon, at wala na tayo maririnig mula sa Kanya.Baka magtagal Siya na purihin tayo at sa anong ating ginagawa. Ginagawa ng Diyos ito para tayo ay subukin sa ang ating pananampalataya at pagsunod sa Kanya.

Kaya sa pakikinig ni Cornelio kay Pedro natanggap niya ang katiyakan at pagtanggap ng Diyos sa kanya. Kung ating narinig ang mensahe, matatanggap natin ang katiyakan at pagtanggap ng Diyos, ganon din sa utos ng Diyos kung ano ang kinakaiangan Niya sa atin na gawin.

9. Si Cornelio ay matuwid na tao na kung saan tumugon siya sa babala ng Diyos. "22 At sinabi nila, Ang senturiong si Cornelio, na taong matuwid at matatakutin sa Dios, at may mabuting patotoo ng buong bansa ng mga Judio, ay pinagpaunawaan ng Dios sa pamamagitan ng isang banal na anghel na ikaw ay paparoonin sa kaniyang bahay, at upang makarinig sa iyo ng mga salita." (Mga Gawa 10:22) Katulad siya ni Noe,noong binalaan siya ng Diyos, siya ay tumugon kaagad. Si Cornelio tumugon sa babala ng may kaseryosohan at kaagad na ipinadala para kay Pedro upang dalhin si Pedro mula Joppa sa Ceasarea upang marining ano ang gusto ng Diyos na marinig mula sa Salita ng Diyos sa pamamagitan ni Pedro. Habang tayo ay nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, dapat tayong sumunod kaagad, at dinggin ang Kanyang Bose's at sumunod sa Kanyang utos para makakatanggap tayo ng karagadagang biyaya at katatagan ng loob mula sa Diyos.

Sa aking mahal at minamahal: Habang tayo ay nagaaral ng Kasulatan, ang buhay ng ating Panginoong Jesukristo, at ang buhay ng matuwid na lalaki sa Bibliya, tayo ay natututo ng mga bagong bagay. Ano ang ipinaalam sa atin mula sa Kasulatan ay makakatulong satin maging sa huli na makakapagbagong anyo habang nais natin mangagutom at mangauhaw sa katuwiran.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran ibig sabihin ang sumusunod:

Ang matuwid na tao ay kailangan ganapin ang dakilang utos, Kaya naman ikaw na nakakilala na kay Kristo dapat kang sumunod at ganapin ang Salita ng Diyos at mamuhay ng naayon sa doktrina ng Salita ng Diyos.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, kailangan mo ibigay ang iyong sarili upang paunlarin ang kabutihan at ang pagkamasunurin na mga bagay, na kailangan mo makamit kung ano ang tama na itinalaga ng Diyos at gusto Niyang gawin mong mabuting bagay sa iba.

Upang mangauhaw at mangagutom sa katuwiran, kailangan mong ibigay ang iyong sarili upang umunlad ang kabutihan at ang pagkamasunurin sa mga bagay upang ang kabutihan ng Diyos sa mga tao na nasa ilalim ng iyong pangangalaga at sa sinumang nakapaligid sayo.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, kung ganon kailangan mo magsikap na mabuhay ng may takot sa Diyos.

Upang mangauhaw at mangagutom sa katuwiran, tinawag ka na sanayin ang iyong pamilya at sinuman nakatirang kasama mo na mamuhay ng may takot sa Panginoon. Mahal kong mga kapatid bawat isa ay tinawag upang pangalagaan, upang mahalin at sanayin ang ating sangbahayan sa katuwiran ng Diyos.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, tinawag ka upang tumulong sa nangangailangan sa pisikal at materyal na kailangan at hindi lamang yan datawpat upang bigyan sila ng Salita ng Diyos.

Upang mangagutom at mangagutom sa katuwiran, tinawag ka na hanapin ang tunay na mahirap, hindi lang tangap ng tangap ng materyal na tulong at pinansyal ngunit ganon din sa tagubilin at paggabay mula sa Salita ng Diyos.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, tinawag ka na magkaroon ng buhay na madasalin sa pakikisama at pakikipagkaisa sa Diyos.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, tinawag ka upang magalak sa pagaayuno at hindi sa kapistahan, tinawag ka na panatilihin ang araw ng pagaayuno bilang paggabay sayo ng Banal na Espiritu ng Diyos na mag ayuno para sa tiyak na kaguluhan at mga usapin na kailangan ang Diyos, ang Banal na Espiritu na magpupuno sayo at pumunta bago sayo upang sugpuin ang kaaway, at para ihayag sayo at tagubilinan ka ng kung ano kailangan mong gawin upang makamit at gawin.

Sa ngayon habang ang pagibig ng marami ay lumalago na malamig, ang bayan ng Diyos ay nagsisimula ng makipag kompromiso, at para sa ganitong kadahilanan, upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran tinawag ka upang turuan sila at sawayin sila kahit saan na kinakailangan.

Kaya naman, sa ganitong kadahilanan,maari kang kasuklaman ng iba at magbibigay ang masamang reputasyon dahil sa iyong katatagan at striktong paninindigan. Ngunit, sa pamamagitan nyan makikita ng Diyos sa iyo at bibigyan ka Niya ng pabor kailanman at saan man na kinakailangan.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, tinawag ka upang bumalik sa Kasulatan at ikumpara ang iyong sarili sa Salita nh Diyos at magtiwala sa Kanya habang ikaw ay sumusunod sa Kanyang Salita na magtatangol sayo at magpopotrekta sa iyo sa oras ng pagsubok at akusasyon ng demonyo.

Upang mangagutom at mangauhaw sa katuwiran, dapat kang sumunod kaagad at dinggin ang Kanyang boses at sundin ang Kanyang utos upang matanggap mo ang karadagang biyaya at katatagan ng loob mula sa Panginoon.

Upang mangagutom at mangauhaw, ang iyong panalangin at gawa ay dapat ay nakahanay sa kalooban ng Diyos, at ang panahon ay darating na ang Panginoon na siyang didinig sa iyong dalangin ay sasagutin ito at darating Siya mismo at kalingain ka at tiyakin sayo tungkol sa Kanyang pagtanggap sa pamamaraan ng iyong buhay.

Kailangan mong magtiyaga sa pananalangin,pagaayuno, pagkamatuwid, sa pagbibigay tulong sa mga mahihirap, pamumuhay ng may takot sa Diyos at sanayin ang iyong pamilya at sangbahayan na maging katulad ng iyong estilo ng buhay, at maging sigurado na isang araw ang Panginoon ay bibisita sayo at patototohanan sayo na ang katotohanan na iyong nilalakaran.

Ang aking Panalangin: Ama naming Diyos,ako lumalapit sayo bago sa pangalan ni Jesus, na kung saan namatay sa krus sa aking kasalanan para mabigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag at talikuran ang ating mga kasalanan sa Panginoon. Ating talikuran ang kamunduhan, ating mga idolo, at ang maling plano, ang masamang paguugali, at ang mali pamamaraan ng buhay na salungat sa Salita ng Diyos. Talikuran natin ang ating katamaran, pagka kampante, kawalan ng pagtatalaga ng sarili, at kasigasigan para sa Panginoon.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mamuhay ng may kabanalan, na may takot sa Panginoon, na mamuhay ng may pananalangin at pagaayuno at pag tulong sa mahihirap at nangangailangan, pagtuturo at pagsasanay sa aming pamilya, kasangbahay at ang mga tao nakapaligid sa amin na mangagutom at mangauhaw sa katuwiran na itinalaga ng Diyos.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking buhay na naisin na mangagutom at mangauhaw sa katuwiran at gawin ang prinsipyo na aking natutunan mula sa iyong Salita sa mensahe ito. Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na dinggin ang iyong boses at sa mga tagubilin ng Iyong Salita. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na ipahayag ang iyong Mabuting Balita na may angkop na Salita at malinaw na tagubilin para sa aking pamilya, sa aking kasambahay, at sa mga tao kasama ko na mamuhay ng may kabanalanan at may takot sa Panginoon na aking natutunan mula sa mensahe sa araw na ito. Panginoon bigyan mo ako at bigyang daan na gawin ng may katagumpayan.

Panginoon ipinapanalangin ko aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ang kanilang mga sarili bago sayo na mamuhay ng buhay na matuwid na nais mo sa kanila na mabuhay at isabuhay ang prinsipyo na natutunan namin sa mula sa iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon gawan mo ng daan para sa kanila na makawala mula sa lahat ng tukso at mabuhay ng buhay na kaaya aya sayo. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat kanilang kailangan. Panginoon kalingain mo sila at tiyakin sa kanila na ikaw ay kasama nila at ginagabayan sila sa kanilang buhay.Pununin mo ulit sila ng iyong Banal na Espiritu at gawin mong ang buhay na patotoo na kaakit-akit sa iba upang ng sa gayon ang mga tao ay maniwala sayo ay magsimula na sumunod at mamuhay ng naayon sa iyong Salita at sa iyong katuwiran.

Panginoon ipinapanalangin ko sa aming lahat bilang simbahan upang tulungan kami na magpatuloy na magsilbi sayo at gawin ang iyong gawain at Iyong kalooban sa gitna ng mga taong sumasalungat ng katotohanan at nabubuhay sa kamunduhan, katiwalian, at immoralidad. Panginoon ipinagkakatiwala namin ang aming sarili na mamuhay ng tama at matuwid sa iyong paningin. Panginoon ibaba mo ulit sa amin ang iyong Banal na Espiritu at bigyang daan kami na makapaghayag ng iyong ebanghelyo at maabot ang bago tao ng Mabuting Balita ni JesuKristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kamiy nanalangin na ikaw ay magbigay daan sa amin upang makapagtanim kami ng bagong pagaaral ng Bibliya at bago kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain mo kami palawakin mo ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay kasama namin at iligtas kami sa kapahamakan upang sa ganon hindi kami masaktan. Nawa ang pagpapala ng Panginoon Hesus at pagibig ng Diyos at ang pagkakaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng
Simbahan Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pkipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at , malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com